# ABAY SA PAG-AALAGA NG
# PATABAING BAKA

May magandang pakinabang an pag-aalaga ng baka sa bakuran. Bukod sa ito ay makatutulong upang matustusan ang kinakailangang protina, makapagbibigay pa rin ito ng ganap na pagkakakitaan sa magsasaka sa loob ng isang taon. Ang mga damo at kauri nito na matatagpuan sa bukirin tulad ng pinagbalatan ng mais, tuyong dayami at dahon ng tubo na karaniwan ay natutuyo at itinatapon lamang ay maaring ipakain sa baka. Maari ring haluan ng darak at kopra ang mga nasabing damo at kauri nito.

Ang pagpapataba ng baka sa bakuran ay magiging lubos na kapaki-pakinabang sa pamamagitan ng pagsunod sa ilang mga hakbangin. Ang mga hakbanging ito ay ang mga sumusunod:

1. Bumili ng tama sa edad at malusog na baka;

2. Pakakainin at patatabain ito sa loob ng 120 hanggang 180 araw at ipagbili ito sa tamang panahon; at

3. Kailangang gumawa ng kulungan na may sukat na 1.5 - 2.0 metro kuwadrado bawat isang ulo upang magsilbing pahingahan at silungan habang kumakain.

Bigyan ang mga baka ng gamot laban sa parasitiko. Sa wastong pag-aalaga, mapapataba ang baka sa madaling panahon. Ang magandang karne ng baka ay nakukuha o produkto ng wastong pagpapataba ng baka sa bakuran (feedlot fattening).

**Ang Pagpili ng Patabaing Baka (Feeder Stock)**

Upang magkaroon ng malaking kita at magandang karne ng baka, bigyang pansin ang mga sumusunod:

1. **Edad -** Ang bakang 2-3 taon ang edad ay nangangailangan ng kaunting pagkain sa bawat timbang na nadadagdag sa katawan kung ihahambing sa bakang may edad na dahil natutunaw nito ng maayos ang pagkain at mas marami ang nauubos batay sa bigat. Ang batang baka ay mura kung bibilhin ngunit ito ay nangangailangan ng mahabang panahon ng pagpapakain at dapat ding bigyan ng mas mataas na uri ng pagkain para maabot ang tamang bigat sa pagbebenta.

2. **Kasarian (sex) -** "steer" o kinapong baka ang mas mainam alagaan kaysa sa "heifer" o babaeng baka, sapagka't mas madaling alagaan at patabain.

3. **Lahi -** Ang mga lahing baka ay mas mainam patabain kaysa sa "native". Naaangkop sila sa ating klima at pagkain.

**Mga Patabaing Lahi:**

a. **Brahman -** ang kulay ng balat ay abuhin, na may pula at ang lahing ito ay matibay sa sakit at init.

b. **Ongole o Melyore -** ang kulay at balat ay puti, ang barako nito ay may kulay na abo sa ulo at leeg, ang batok at tuhod ay itim.

k. **Indu-Brazil -** pulang abuhin ang kulay at ang lahing ito ay nagmula sa Brazil.

Ang tinatawag na "Batangas cattle" ay katulad rin ng nabanggit na iba't-ibang patabaing lahi. Ang mga bakang galing Batangas ay tinagurian lamang sa "Batangas Breed" dahil sa kakaibang pag-aalaga sa mga ito. Ang lahing ito ay pinatataba sa pamamaraan ng supak. Ang lalaking baka (steer) ay karaniwang pula ang kulay at may bigat na 320 hanggang 468 kilo.

4. **Kalusugan -** Ang malusog na hayop ay maliksi at maliksi ang kilos, may malinaw na mata, makinis na balahibo at ang ilong ay basa. Iwasang pumili ng hayop na magaspang ang balahibo at balat, bulag at nanlambot. Siguraduhin lang na ang hayop ay mayroon ng bakuna bago dalhin sa kulungan.

**Kailan dapat bumili ng hayop?**

Ang patabaing baka ay karaniwng mababa ang halaga kung katag-arawan (buwan ng Enero hanggang Abril). Ang kalsada ay mas mainam kung ganitong buwan at madaling ibiyahe ang hayop.

**Kailangang Pagkain**

Ang pagkain ng baka ay kailangang iugnay sa mga pagkain na makukuha sa inyong lugar. Maaring ang pagkain ay purong damo at maari rin namang haluan ng konsentreyt. Mas makabubuti kung matataas na uri ng damo ang ipakakain sa hayop. Iwasan an paggalaw sa hayop kung hindi rin lamang kinakailangan upang tumaba kaagad.

Bigyan palagi ng tubig nab inumin an hayop at asin na ang dami ay 30-50 gramo araw-araw.

Narito ang iminumungkahing pagkain na magkahalong damo at konsentreyt. Ang karaniwang konsentreyt ay hinahaluan ng darak, dahon ng ipil-ipil, mga produktong galing sa mais, at buto ng hayop (meat and bone meal). Kailangang isupak (forced-feed) ang konsentreyt 2 beses sa isang araw.

| **Sample I** | | **Sample II** | |
|---|---|---|---|
| Copra meal | 60% | Copra meal | 50% |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Darak ng bigas | 39% | Darak ng bigas | 25% |
| Asin/powdered shell | 1% | Tinuyong dumi ng manok | 24% |
| | | Asin/powdered shell/apog | 1% |
| | 100% | | 100% |

**Pag-aalaga at Pagpapakain ng Patabaing Baka sa Panahon ng Katagarawan:**

Sa lugar na kung panahon ng katag-arawan ay walang sariwang damo upang matustusan ang pangangailangan ng hayop, ay iminumungkahi ang sumusunod:

1. Tinadtad na dayami ng palay nab 10 kilo bawat ulo ng baka;

2. Likidong solusyon na ibinabasa sa dayami (1:1 ratio ayon sa bigat) na nagtataglay ng:

a. Tubig (94.2%) = 9.420kgm.

b. Pulot (5.0%) = 0.500 kgm.

k. Asin (0.5%) = 0.050 kgm.

d.Urea (0.3%) = 0.030 kgm.

Ang nasabing binasang dayami ng solusyon ay budburan pa ng darak mula sa 1 kilo at padami habang nalalapit ang araw ng pagbebenta.

Mahigpit na pinaaalala na sundin ang dami ng urea na gagamitin at ihalong mabuti sa ibang sangkap upang maiwasan ang hindi mabuting epekto sa hayop.

**Wastong Paglilinis at Pag-aalaga**

Ang katawan ng patabaing baka ay karaniwang iniiskoba(brashed) dalawang beses sa isang linggo at pinaliliguan minsan sa isang linggo.

Sa simula, ang baka ay umiiwas sa pag-iiskorba ng katawan. Subalit kapag ito ay nasanay na, siya na ang kusang lumalapit sa taga pag-alaga para magpa-iskoba.

Napakahalaga ang lingguhang paglilinis ng katawan ng baka upang maalis ang balakubak at ibang dumi na sanhi ng kati at iritasyon na nagiging sagabal sa pagtaba ng hayop at upang

mapanatilihing malinis ang katawan ng hayop. Kung ang hayop ay walang kati sa katawan, maayos ang pagtulog at pamamahinga nito na siyang makapagpapabilis sa pagtaba ng hayop.

**Pabahay at Kagamitan**

Ang wastong pabahay o kulungan at kagamitan ay mahalaga upang maging matagumpay ang pagpapataba ng baka. Maaaing gamitin ang mga lokal na materyal tulad ng kawayan, nipa at kahoy sa paggawa ng silungan ng hayop. Iwasan ang paggamit ng "barbed wire" na maaring maging sanhi ng pagkasugat ng hayop.

Ang baka ay dapat igawa ng kural na may kainan, sapat na lugar na kilusan at sahig na semento o kahit na anong materyal na madaling matuyo upang maiwasan ang pagkadulas at pagkabali ng buto sa pagkabulok ng paa.

Kinakailangan na ang silungan ay may sukat na 1 1/2 metro kuwadrado para sa bawat hayop at 5 metro kuwadrado ang bakuran para galaan o paligawan.

**Pagbebenta ng Pinatabang Baka**

Simula sa araw ng pagkakabili hanggang 6 na buwan o 180 araw, ang baka ay tumitimbang na ang 300 kilos o higit pa rito ay puwede ng ibenta.

Sa pagdadala at pagbibiyahe ng hayop, siguraduhin lang na ito ay ligtas. Iwasan ang masyadong mabilis sa kurbada at iminumungkahi ang paglalagay ng buhangin sa ilalim ng mga dayami upang maiwasan ang pagkadulas o pagkadapa ng mga hayop. Alisin ang mga matutulis na bagay sa trak na maaaring makasugat sa hayop.

Ang trak na kulang o sobra ang laman o karga ay magiging sanhi ng pagkapilay o pagkakaroon ng gasgas ng mga hayop. Ilulan o isakay ng maayos at dahan-dahan. Ang pagtulak sa mga hayop ay nagiging sanhi ng pagkapagod at pagbaba ng timbang at kita.

**Mga Pinagkunan**

1. "Ranching Ideas That Work", Zacarias B, Sarian

2. "Backyard Cattle Fattening", Dept. of Agriculture, February, 1989.

3. "Industriya ng Bakahan Sa Pilipinas, Perfecto M. de la Cruz", Paper presented at the seminat/workshop on Government Livestock and Feed Grains Production Program at Drilon Hall, Searca, UPLB on August 17-18, 1990.